# Krisis at Kritisismo: Ang Pangangailangan ng Radikal at Politikal na Kritika sa Hugpungan ng Sine, Kultura at Lipunan

Choy Pangilinan

> What matters, therefore, is not trying to establish once and for all which theory is right and which is a load of shit, but only whether or not to continue on the swings and roundabouts of thinking.
>
> -John Mullarkey (2009)

Upang magsilbing giya ng diskusyon, nais kong simulan ang maikling panayam na ito sa pagbabalik tanaw sa isang sipi na hango sa sanaysay na "Ang Kritika sa Panahon ng Krisis" ng batikang kritiko na si Epifanio San Juan Jr. (2006). Aniya ukol sa ugnayan ng krisis at kritisismo:

> Sa gitna ng permanenteng krisis ng sambayanan, ng laganap na karukhaan at paghihikahos ng nakararami; sa harap ng matinding kahirapan ng mga manggagawa't pesante, ng mga biktima ng militarismo at low intensity warfare ng mga maykapangyarihan; at sa patuloy na pagsasamantala't panunupil ng mga dayuhan, maitatanong natin: hindi ba isang kalabisang luho ang papuri nating ginagawa para sa ilang libro? Ano ang silbi ng sining sa harap ng nakaririmarim na kalagayan ng madlang hindi siguro makakabasa ng kahit isang librong maitatanghal dito? Ano ang katuturan ng proseso ng pagkilatis, panunuri, at pagpapahalagang nakapaloob sa pagkakataong ito? (p. 32)

Bagamat ang inisyal na tutok ng sanaysay ay ang sining ng panitikan at panunuri dito, maaaring gamiting lundayan ang mga punto ng sipi upang magbalik suri sa naging pag-unlad o ang kawalang kaunlaran ng antas ng kritisimo, o sa kasamaang palad ay ang pagdausdos at pagkabaog ng dapat sana'y papel panlipunan ng kritika upang baguhin ang landas ng mga likhang sining at kultura sa partikular, at upang bakahin ang mga puwersang ideolohikal na gumugupo sa sambayanang patuloy na namumuhay sa ligalig sa pangkalahatan.

Dalawampu't anim na taon na ang nakalipas mula ng basahin ng naturang kritiko ang kanyang sanaysay sa harap ng mga manunulat, kapwa kritiko at mga manlilikha ng sining sa  Sentrong Pangkultura ng Pilipinas subalit tila patuloy na lumalala ang mga krisis panlipunan gaya ng patuloy na pagtaas ng bahagdan ng mahihirap dahil na din sa mga huwad na polisiya

ng kaunlaran, kawalang akses ng nakararami sa mga batayang serbisyong panlipunan, nariyan din ang pribatisasyon at komersyalisasyon ng sistema ng edukasyon, pagtaas ng kaso ng paglabag sa karapatang pantao sa siyudad at kanayunan, paglako ng lakas paggawa sa pandaigdigang marketo, patuloy na pambubusabos sa kababaihan at sa mga pangkulturang komunidad, muling banta ng pagkakaroon ng base militar ng Estados Unidos sa Pilipinas upang patuloy na muhunan ang mga neo kolonya nito, at ang pagkakaroon ng mediang popular na walang alinlangang dumadambana at sumasamba sa lohika ng kapital halimbawa.

Kung gayon, sa gitna ng ganitong kalagayang panlipunan, sa paanong paraan dapat basahin ang kritiko at ang kanyang mga kritika bilang textong panlipunan? Sa paanong paraan at posisyon dapat manindigan ang isang kritiko sa kanyang pagkilates sa mga anyong pansining at mga textong kultural? Ano ang "istratehikong posisyon" na dapat ay taglay ng kanyang kritika sa nag-uumpugang daigdig ng akademya, sining at lipunan? Ano ang dapat na maging papel ng kritiko sa pagsiyasat sa isang pangmadlang anyo ng sining gaya ng sine halimbawa? Anong sine ang kinakailangan ng hanay ng masa na patuloy na pinagkakaitan ng hustisya, kapantayan, at makamamamayang mga polisya? Sa mundo ng kritikal na praktika, para kanino ang mga kritika?

At sa lahat ng ito, ang tanong na nag-uusig ay kanino dapat pumapanig ang kritiko at kanyang kritika?

Matindi ang responsibilidad na nakaatang at kailangang pangkuin ng isang kritiko lalu na't masidhi ang pangangailangan upang magkaroon ng interbensyon, interogasyon at pagposisyon upang mabuyangyang ang mga tensyon, kontradiksyon, puwang at katahimikan, at mga nakakubling ideolohikal na puwersa na masasalat sa textong kanyang nilalapatan ng pagpuna maging ito ay pantikan, sining biswal, larang ng sine, media at iba pang textong kultural. Ngunit sa kasalukuyang panahon ng panunuot ng neo-liberal na mga pangangatwiran at kaisipan sa mismong moog ng akademya—tila mismong ang kritiko, na imbis na siyang sumasawata sa krisis, ang nasa kalagayan at bingit ng krisis. Kung kaya't heto muna ang ating pag-usapan.

Sa paglipana ng mga teoretikal na posisyon na iniluwal ng neo-liberal na katangian ng edukasyon gaya ng pabulusok na pagbabalik ng "positibismo" at "cognitivism" sa pag-aaral ng media, o ang pagyabong ng "pluralismo," "end of ideology," "post history," "post-theory" at kung ano-ano pang mga bagong kaisapang uso ngunit tahasang mapanganib ay hindi maitatatwang nasa bakuran na natin ang mga kaisipang ngumangatngat at bumabansot sa pag-iral ng ating mapanuring kamalayan. Sa unang malas ay kay gandang mga pakinggan at tila may bahid ng kontradiskursibong posisyon ngunit sa ikalawang tingin ay tunay na mga ampaw at mga kanluraning salamangka

lamang ito para higit na mailayo ang kritiko at akademiko ng Ikatlong Daigdig sa pakikipagbuno at pakikipagtalaban upang maunawaan ang danas ng kanyang bayan at makabigay preskripsyon ukol sa kung ano ang makabuluhang sining.

Hindi maikakailang may ilang mga kritiko sa kasalukuyan ang nagmumuwalan sa mga kaisapang makabago, mga teoryang nakakabasag tainga, at mga kaisipang hugot at hindi lapat sa lupa kung kaya't kung pakasuriin ang kanilang mga akda'y tila mga hungkag lamang na haka. Lahat ay nakalutang lamang sa dambana ng mataas na teorya ngunit sa katotohana'y mga mapurol na teoretisasyon at ilusoryong posisyon na said sa sustansya.

Hindi rin natin dapat talikuran ang katotohanang may ilang mga kritiko sa espera ng akademya na matagal ng isinangla, iprinenda at ibinenta ang kanilang panulat, kasama ang kanilang paninindigan, para sa interes ng nangyayaring kaayusan—partikular sa interes ng estado, mga institusyon, at negosyo. Sila yaong mga mahilig magsulat ng mga "praise review," ang mga "pen for hire,"—silang mga walang gulugod at mga kawal ng may kapangyarihan at mapang-api. Sa kabilang banda rin naman, ginagamit ng ilang kritiko ang mga sulong na kaisipan at kritikal na mga pormulasyon hindi para gawing puwersa para himukin ang nagbabantang lakas ng naisantabi ngunit upang gawing sangkalan ang danas ng nakararami sa kanilang mga pretensyosong uri ng iskolarsyip at upang magsilbi lamang na tungtungang bato sa patuloy na pagtaas ng kanikanilang simbolikong kapital sa hirarkiya ng akademya nang sa gayo'y marating ang tuktok ng toreng garing kasama ng ilan pang lulong sa droga ng kapangyarihan. Mula sa tuktok, tinatanaw na lamang nila sa ibaba ang naghihikahos na sambayanan.

Sa kaso naman ng mga kritikong piniling pag-aralan ang kulturang popular kung saan nakasukob ang larang ng media gaya ng radio, telebisyon, bagong media at sine halimbawa, mahalagang irehistro na may ambag ang mga pagniniyasat na ito upang mabalasa ang mga nag-uumpugang puwersa ng kapangyarihan sa mga lunang ito na dati rati'y hindi itinuturing na lehitimong sangay ng makabuluhang iskolarsyip. Ngunit may bitag din rito. Kadalasan, ang mga pag-aaral bagamat may kaakibat na potensyal ay nalilihis na lamang sa mga maninipis na panunuring wumawaglit sa mga batayang isyu na kinakaharap ng lipunang Filipino. Imbis na maging salalayang prinsipyo halimbawa ang talaban ng mga uri at dayalektikal na kaugnayan nito sa kasarian at sexualidad sa pag-aaral halimbawa ng mga gay films na iniluwal ng indie sine, nalilimita na lamang sa usapin ng empowerment, camp, postmodernong identidad, queerness at homosociality ang atake. Walang masama doon, ngunit may kakulangan, may kakulangan ng pagposisyon ang pagsusuri para higit na maiangkop sa hugpungan ng uri,

na siyang salalayang problema ng lipunan, ang larang ng pagsiyasat sa kasarian at gender performativity. Maganda ang pananaw rito ng Ingles na Marxistang si Terry Eagleton. Ani Eagleton (2003):

> Among students of culture, the body is an immensely fashionable topic, but it is usually the erotic body, not the famished. There is a keen interest in coupling bodies, but not in laboring ones. Quietly-spoken middle-class students huddle diligently in libraries, at work on sensationalist subjects like vampirism and eye-gouging, cyborgs and porno movies . . . . [I]ntellectual matters are no longer an ivory-tower affair, but belong to the world of media and shopping malls, bedrooms and brothels. As such, they rejoin everyday life—but only at the risk of losing their ability to subject it to critique. (p. 3)

Ang nais lang naman igiit ni Eagleton sa kanyang puna sa ilang kritiko ng kultura at kulturang popular ay ang pangangailangang iangkop ang anomang pag-aaral upang higit na masiyasat ng masiste ang mga batayang problemang kumukukob sa isang lipunan at sanhi ng material na danas ng nakararami. Sa kaso natin, sa isang lipunang patuloy pa ding binabalabalan ng tunggalian ng mga uri, pyudal na kalakaran pang lupa, diskriminansyong pangkasarian at pang etinisidad, at ang patuloy na pagbibigay suhay at maniobra ng global na mopolyo ng kapital sa tunguhin ng mamamayan at bayan. Ika nga ni San Juan (2006), "[h]indi tulad sa Kanluran, ang sining at kritika sa mga bansang dumaranas ng mga rebolusyonaryong pagbabago ay hindi maibubukod sa krisis ng pulitika at ekonomiya—magkatalik ang krisis at kritika sa bawat pangyayaring nagaganap sa lipunang ito." (p. 32)

Sa larang naman ng kritika ng sine, may ilan pa ding hindi makaalagwa sa pag-aaral rito bilang isang anyo lamang ng audio biswal na sining. Nais kong igiit na hindi masamang maging maalam sa formal na katangian ng sine bilang larangan ng sining at media na may tiyak na wika rin ng pananagisag gaya ng naratibo, tunggalian, tunog, karakterisasyon, *mise-en-scène*, pag-iilaw, teknik sa sinematograpiya at editing halimbawa. Mahalagang pag-aralan ang mga ito ngunit kung ang pagdawdaw ng kritika ay nakasagka lamang sa limitadong lente ng formalismo, tiyak na hindi mahihigit ang bisa at hiwaga ng sine bilang isa sa pinaka popular na larangan ng kulturang popular at bilang isa sa pinakamakapangyarihang medium na may kakanyahang hubugin ang pananaw pang mundo ng indibidwal na manonood at ang kolektibong hanay ng mga tumatangkilik rito sa pribado man o publikong espero. Ang karamihan din naman ng sumusuong sa kritika ng sine ay humaling pa din sa interpretatibong birtud ng semiotika ngunit

paratihang nakakaligtaang higitin ang potensyal ng teoryang winawasiwas. Salat sa paghistorisa, salat sa kontextualisasyon, salat sa diwang mapalalim pa ang pag-aaral labas sa konstelasyon ng mga senyas. Halimbawa lamang ito ng mga kritikang nagpapalabnaw sa dapat sana'y nakapanlalaslas na uri ng mga kritisismo.

Ang larang ng kritika at mga kritiko sa kasalukuyan ay nasa krisis gaya din ng sambayanang kinapapalooban nating lahat. Nasa krisis sapagkat hindi na nagkakabisa ang kritika kung ano ang sana'y lugar nito sa lipunan. Nasa krisis sapagkat lulong ang karamihan sa mga kritiko sa mga kaisipang patuloy na nagdedepolitisa at nagdidisarma sa kanilang panulat. Nasa krisis sapagkat ang ilan sa mga nagdadambana sa kanilang mga sarili bilang kritiko ay nakatira sa bahay na salamin kung saan narsisismo ang himno. Nasa krisis sapagkat winawaglit na ng kritiko na ang kritika ay kailangang ihagkis dahil may gustong baguhin sa sining at lipunan. Nasa krisis sapagkat karamihan sa mga kritiko ngayon ay hinehele na lamang ng postmodernong iskeptisismo kung kaya't pagbuwag lamang ang intensyon ng panunuri at hindi pagbubuo. Nasa krisis sapagkat nahumaling na lamang sa pag-aaral kay Lady Gaga, sa Bro mance, sa ilusoryong kapangyarihan ng social network halimbawa imbis na siyasatin ang komplexidad ng mga tunggalian bumabatbat sa lipunang Filipino. Nasa krisis sapagkat malayo na sa pangangailangan ng sambayanan ang mga inihahagkis na kritika. Nasa krisis sapagkat winawaglit o para nga sa ilan ay inabandona na ang maka-uring pagsusuri. Nasa krisis sapagkat naalibadbaran na sa Marxismo.

Ang kritikang inihahagkis ng isang kritiko ay textong magbubukas sa atin para matantya ang kalidad ng kanyang diskurso, integridad ng pananaw panlipunan, panlasa sa sining, at lokasyon sa gitgitan ng mga diskurso at sa mga pakatotohanang walang humpay na nagbabangaan sa isang lipunang ginigiyagis ng tunggalian. Ika nga ni Edel Garcellano (2001):

> [t]he critic in a sense is also a text that must be read. And his/her reading that locates the text reflexively locates/situates him/her in the network of power positions. Which is again actually saying: What is he/she saying? Why/how is he/she saying it? From where does he/she say it? In a time of war, criticism partakes the urgency of partisan deployment. (p. 249)

Ang usapin ng kritisismo at sining ng kritika ay walang pagdududa na pagpili ng panig. Ito ay isang politikal na gawain. Ito ay paglahok sa rehimen ng mga pakatotohanan at pakikibakang ideolohikal. Hindi simpleng gawain ang kritika na may layon lamang magbasbas kung "maganda" o "walang kuwenta" ang textong sinusuri. Kinakailangang ilapat ang pagbasa sa mas

malaking pangangailangan ng kultura at sambayanan. Pagtatasa ito kung sa paanong paraan halimbawa tumataliwas at nakakapagpamulat ang sine/texto para buhayin ang diwang mapanghimagsik ng mamamayan o kung paano nagsisilbing bikig ang sine/texto para lubos pang busalan ang nagbabadyang lakas ng masang api sa mapanganib at hegemonikong yugtong ito ng neo-liberal na globalismo. Kung gayon, kung saan pumanig ang kritiko at ang kanyang kritika ay doon natin lantarang matuturol kung saan ang lokasyon niya sa pagitan ng digmaan ng iilan at nakararami.

Alam nating may kakanyahan ang kritika na umugit ng mga kontra-alaala, kontradiskurso, kontralunan, at kontrapuntal na posisyon para higit na masiyasat ang mga batayang problemang kinakaharap ng larangan ng sine sa partikular at lipunang Filipino sa kabuuan. Pagisyasat ito mula sa batayang isyu ng talaban ng mga uri at iba pang mga kultural na kategorya gaya ng kasarian, etnisidad, sexualidad at lahi hanggang sa pagsalat sa usapin ng pambansang identidad, diskurso ng kasaysayan, at globalismo halimbawa. Kung gayon, ang kritika ay sabayang sandata at kalasag. Kalasag para masalag ang mga ideolohiyang mapaniil na maaaring taglayin ng mga texto na hinulma ng mga aparatong nagsususog dito. Sandata para makaatake at maisulong ang mas makabuluhang tunguhin sa parang ng kultural na pakikipagdigma. Muli, ika nga ni San Juan (2006), "[a]ng kritikal o mapanuring diwa ay maaaring gumanap ng papel ng pagpukaw at pagmobilisa ng samabayanan upang magkaisang balikatin ang isang programa ng pagsulong" (p. 34).

Sa ganang akin kinakailangang ihagkis muli ang maka-uring pagsusuri sa kritika ng mga textong kultural gaya ng larangan sineng Filipino upang mailantad ang banggaan ng mga interes at gitgitan ng mga puwersa sa kultural na lunang ito. Ika nga ng film scholar na si Mike Wayme (2005), "[m]arxism and film share atleast one thing in common: they are both interested in the masses"(p. 1). Sa kontexto ng ating bayan bilang Ikatlong Daigdig na nakasukob sa puwersa ng nangyayaring kapangyarihan ng iilan, mahalagang masalat kung sa paanong paraan nanunuuot sa mundo ng sine, mapa Hollywood man, maging sa pagsulat ng kasaysayan nito, komersyal na sine o ang dinadambang indie, ang mga ideolohikal na puwersang patuloy na bumabansot sa pag-iral, pag-igpaw at pag-alagwa ng hanay ng marhinilisado. Ang larang ng sine ay hawak at gumagana batay sa makina ng kapital, kungdi man ng estado, at kung minsan ng tambalan ng estado at mga korporasyon kung kaya't bilang mga aparatong ideolohikal mahalagang sipatin at sistematikong pag-aralan kung sa paanong paraan hinuhubog ng mga pelikula ang diskurso ng uri, tunggaliang panlipunan, ang reproduksyon ng panlipunang kaayusan, at emansipasyon halimbawa. Mahalagang suriin kung sa paanong paraan nagiging tulay ang sine para

bihagin ang manonood nito o para pukawin ang hanay ng nakakarami tungo sa tunay na panlipunang pagbabago.

Kinakailangang muling ilangkap at ibaling muli ang tuon sa diskurso ng uri at ideological critique para higit pang maunwaan ang komplexidad ng mga usapin gaya ng identidad, diaspora, urbanisasyon, body politics, hugpungan ng oras at lunan sa makabagong panahon, agency, kasaysayan, diskurso ng kahirapan, kasarian, politikal na ekonomiya, cultural politics, at globalisasyon halimbawa. Ito ang pangangailangan ng sambayanang patuloy na ninananakawan ng kinabukasan ng iilan. Ang pagbalik at muling paglangkap ng maka-uring panunuri sa sineng Filipino at mga textong pangkultural sa pangkalahatan ay higit na makapagbibigay tinig sa mga winaglitan nito at patuloy na winawaglitan. Sa aking palagay, mahalagang salalayang paninindigang teoretikal at imperatibo ng kritika, paglikha ng sining, at pagkilos ang lagusang hinawan ng Marxismo partikular ang diin sa uri, dayalektika, imperyalismo at ideolohiya. Nais kong sipiin sa kabuuan ang kritikong si Mike Wayne (2005) ukol sa ugnayan ng Marxismo, kritika, pag-aaral ng sine at pag-unawa sa lipunan. Aniya:

> What is it that Marxism offers film studies? It offers I think a remarkably rich tradition of analysis and debates central to understanding an industrial cultural form such as film. Marxism raises questions at every level of the social order; without necessarily collapsing into reductionism…Marxism demands that we historicise everything rather than taking it to be a natural immutable fact. It provides the tools with which scholars can self-reflexively critique their own position within the class structure and wonder how that position inevitably leads us to unthinking internalization of dominant practices. Marxism's historicisation refers not only to the past and present, but to the future as well. Marxism allows us to think beyond the now. Its sensitivity to utopian currents within cultural practices (and technologies) as well as resistance and contradiction helps us glimpse the prefiguring of alternative ways of living and loving which are today so urgently needs. (p. 32)

Mahalagang ihagkis muli ang maka-uring panunuri para maipamalas na hindi kalian man maiwawalay sa usapin ng ekonomiya at politika ang espera ng kultura. Moog ng aking kritisismo ang saligang teoretisasyon ng Marxismo sapagkat naniniwala akong sa bisa ng teoryang ito hindi lamang mailalapit ang kritika sa bayan kungdi mas nailalapit din nito ang kritiko

sa hanay at digmaan ng mga nilapastangan. Sa salita nga ng Italyanong Marxistang si Antonio Gramsci, "ang pakikibaka para sa moral at intelektwal na pamumuno sa espera ng kultura ay pakikibaka para makamit ang gahum."

Kung kaya't kinakailangang higitin ang radikal na potensyal ng pag-aaral sa sine, kultura at lipunan para matiyak na makakamit ang pambansang pagbabago sa parang ng kultura at sa 'di nalalayong parang kung saan mas makatao at makatarungan ang buhay ng mamamayan. Kung saan ang sining at lipunan ay tunay na para sa masa. Sapagkat bilang mga kritiko kailangan muli nating umibig lampas sa sarili.

## Sanggunian


Eagleton, T. (2003). *After theory.* New York: Basic Books.

Garcellano, E. (2001). *Knife's edge: Selected essays.* Quezon City: UP Press.

Mullarkey, J. (2009). *Philosophy and the moving image.* UK: Palgrace Macmillan.

San Juan, E. (2006). Ang kritiko sa panahon ng krisis. In R. Torres-Yu (Ed.), *Kilates: anunuring Pampanitikan ng Pilipinas*. Quezon City: UP Press, pp. 31-35.

Wayne, M. (Ed.). (2005). *Understanding Film: Marxist Perspectives.* London: Pluto Books.